# KAPASIYAHAN BLG. 2023-57

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 06, S-2022 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG LICIADA, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN WALAMPU'T DALAWANG LIBO AT PITONG DAAN SIYAMNAPU'T APAT NA PISO (PHP782,794.00)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Liciada para sa kanilang Annual Budget na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng PhP782,794.00;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Liciada at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Liciada ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 06, S-2022 ng Sangguniang Kabataan Liciada, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Pitong Daan Walampu't Dalawang Libo at Pitong Daan Siyamnapu't Apat na Piso (PhP782,794.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim